

PAKETE NG PAGLUKLOK SA SAGRADONG PUSO
PAKIUSAP UNAHING BASAHIN ITO

MABUHAY: Kami ay tuwang tuwa para sa iyo at sa iyong pamilya habang isinasagawa mo ang Pagluklok sa Sagradong Puso ni Hesus sa inyong tahanan. Maging sino ka man, na nagbabasa nito ngayon, matibay ang paniniwala namin na tinawag ka ng Diyos, sa sandaling ito, upang isagawa ang taimtim na paglalaan upang pag-isahin ang inyong puso at ang Banal na Puso ni Hesus.

TUNGKOL: Ang Pagluklok ay *mas mahigit pa kaysa sa isang debosyon*. Ito ay mas mahigit pa sa pagsabit sa larawan ng Sagradong Puso sa inyong tahanan. Sa pag-anyaya kay Hesus na maging Hari ng inyong tahanan, hinihiling ninyo na mamalagi siya sa: inyong puso; inyong tahanan; inyong trabaho, sa buong araw at gabi, at sa bawat detalye ng inyong buhay. Bilang ganti, nag-aalab ang kanyang pagnanais na pagpalain kayo nang kasaganaan. Ang inyong taimtim na pagtupad sa buhay na kasunduang ito ng mga puso ay magbubunga ng walang katulad na biyaya para sa iyo at sa mundo. Katulad ng sinabi ni Msgr. John Esseff, “Ang Pagluklok sa Sagradong Puso ay ang pagdadala ni Hesus sa kaharian ng Diyos dito sa mundo sa pamamagitan natin.” Katulad ng sinabi ni Hesus kay Santa Margaret Mary, “Ako ay maghahari sa pamamagitan ng Aking Sagradong Puso.” Ikaw ay malapit ng maging apostol ng Sagradong Puso at tutulong sa paglaganap ng kaharian ng pag-ibig ni Hesus sa mundo.

PAGHAHANDA: Mahalaga ang paghahanda sa kalooban at sa panlabas para sa pagluluklok. Ang panloob na paghahanda para sa mga Katoliko ay kina-bibilangan ng pangungumpisal, pagdalo sa misa (lalo na sa iyong araw ng pagluluklok) at ang panalangin ng Novena (kasama sa pakete). Para sa ibang Kristiyano iminumungkahi na hilingin sa Panginoon na mapatawad ang iyong mga kasalanan at magkaroon ng matibay na layunin ng pagbabago na huwag ng magkasala muli. Hinihikayat ka ring manalangin ng Novena. Kabilang sa panlabas na paghahanda ang pagkakaroon at pag-basbas ng larawan o estatwa ng Sagradong Puso, paghahanda ng inyong tahanan sa pagdating ni Hesus at pagpili ng kapansin-pansing lugar sa iyong tahanan upang paglagyan sa larawan/estatwa ng Sagradong Puso. Ikaw ay lubusang hinihikayat na maglagay rin ng imahen ng Sagradong Puso ng Imakulada Santa Maria. Ito ay maaring gawin bilang isang altar o kaya ay isabit ang mga larawan sa dingding.

PAKETE NG PAGLUKLOK: Mga nilalaman ng iyong pakete: siyam na araw na novena na dadasalin bago dumating ang araw ng Seremonya ng Pagluklok; programa ng seremonya; sertipiko na lalagdaan at ipapakita pagkatapos ng seremonya; at ang ilang panalangin na pagpipilian upang dasalin araw-araw sa harap ng larawan ng Sagradong Puso. Ang iyong araw-araw na panalangin sa ating Panginoon ay dakilang paraan upang ipaalam sa kanya na nais niyo siyang mamalagi sa inyong buhay.

MAGPATULOY: Kung makaligtaan ang isang araw ng novena o makaranas ng anumang mga problema sa buhay sa iyong paghahanda bago dumating ang araw ng Seremonya ng Pagluklok, huwag panghinaan ng loob at ipagpatuloy pa rin at kumpletuhin ang Pagluklok. Hilingin sa ating Ina na ibalot ang kanyang balabal sa iyo at sa iyong pamilya. Manalig at maisasaayos ang lahat.

Iyong pakatandaan na ang iyong pangkat ng Sagradong Puso ay nagdarasal para sa iyong bagong espirituwal na paglalakbay! Kung may mga katanungan tungkol sa anumang bagay na may kaugnayan sa Pagluklok, mangyaring padalhan kami ng email sa:

sacredheartglobalenthronements@gmail.com

MAKIPAGUGNAYAN: Upang matulungan at hikayatin ang bawat isa na mabuhay ang Pagluklok, upang ipakita ang mga larawan ng inyong altar sa tahanan, o mga biyayang natanggap sa pamamagitan ng Kanyang labing dalawang (12) Pangako, nagtayo kami ng isang pahina sa Facebook na tinatawag na *Sacred Heart Global Enthronements*. Mangyari lang na gustuhin ang pahina upang makita ang mga kwentong *Enthronement* at makakuha ng inspirasyon.

NAWA AY PAGPALAIN KAYONG LAGI NG SAGRADONG PUSO NI HESUS AT NG IMMAKULADANG PUSO NI MARIA!

NOVENA SA PAGHAHANDA PARA SA PAGTATALAGA NG PAMILYA SA PINAKA SAGRADONG PUSO NI HESUS AT PARA SA PAGLUKLOK NG PINAKA SAGRADONG PUSO NI HESUS SA TAHANAN

PANALANGIN NG NOVENA (Ang panalangin ito ay maaaring dasalin minsan sa simula ng novena at /o minsan sa bawat araw sa buong panahon ng novena)

Tandaan, O Hesus, maamo at mapagpakumbabang Puso, na sa anumang pangangailangan, walang sinumang dumulog sa iyong pinaka-mapagmahal na Puso ay tinanggihan o pinaalis na walang tulong. Pinasaya ng pagtitiwalang ito, Hesus, lumapit kami sa Iyo; dahil nahihirapan sa mga pighati, dumulog kami sa Iyo, at dala ang aming mga pagdurusa, kumapit kami sa Iyong Puso. Huwag, O Diyos, aming Ama, mo kaming itakwil, ang iyong hindi karapat-dapat na mga anak, ngunit tanggapin mo kaming nagsusumamo sa Iyong Sagradong Puso. Huwag mo pong ipahintulot na kami ay mawalay pa. Tulungan mo kami, kami'y nakikiusap, sa lahat ng aming pangangailangan ngayon at magpakailanman, ngunit higit sa lahat sa oras ng aming kamatayan, O pinaka-mabait, O pinaka-mahabagin, O pinaka matamis na Hesus. Sagradong Puso ni Jesus, nagtitiwala kami sa Iyo!

LITANYA NG SAGRADONG PUSO (Ang panalangin ito ay maaaring dasalin minsan sa simula ng novena at / o minsan sa bawat araw sa buong panahon ng novena)

Lider/Pari/Ministro at Pamilya:

Panginoon, maawa ka sa amin.

Kristo, maawa ka sa amin.

Panginoon, maawa ka sa amin.

Naririnig kami ni Kristo.

Kristo, taimtim na nakikinig sa amin.

Diyos Ama ng Langit.

Panginoon, maawa ka sa amin.

Kristo, maawa ka sa amin.

Panginoon, maawa ka sa amin.

Naririnig kami ni Kristo.

Kristo, taimtim na nakikinig sa amin.

Maawa ka sa amin.

Diyos Anak, Manunubos ng Mundo, **Maawa ka sa amin..**
Diyos na Banal na Espiritu, **Maawa ka sa amin.**
Banal na Trinidad, isang Diyos, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, Anak ng Walang-hanggang Ama, **Maawa ka sa amin**
Ang puso ni Hesus, na nabuo ng Banal na Espiritu sa sinapupunan ng Birhen na Ina,
Maawa ka sa amin

Ang puso ni Hesus, na lubos na nagkakaisa sa salita ng Diyos, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, ng walang hanggang kadakilaan, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, banal na templo ng Diyos, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, tabernakulo ng Kataastaasan, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, bahay ng Diyos at pintuan ng langit, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, kumikinang na hurno ng kawanggawa, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, daluyan ng katarungan at pag-ibig, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, puno ng kabutihan at awa, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, kailaliman ng lahat ng mga birtud, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, na karapat-dapat sa lahat ng papuri, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus s, hari at sentro ng lahat ng mga puso, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, na naglalaman ng lahat ng mga kayamanan ng karunungan at kaalaman,
Maawa ka sa amin.

Ang puso ni Hesus, na nagtataglay ng kabuuan ng pagka-Diyos, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, na kung saan ay nalulugod ang Ama, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, na ang kabuuan ay natanggap nating lahat, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, pagnanasa ng walang hanggang mga burol, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, mapagpasensya at mayaman sa awa, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, na nagpayaman sa lahat na tumatawag sa Iyo, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, bukal ng buhay at kabanalan, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, pagpapala para sa aming mga pagkakasala, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, na labis na sinisisi, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, na nasusugatan dahil sa aming mga kasamaan, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, masunurin hanggang sa kamatayan, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, na tinusok ng sibat, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, pinagmulan ng lahat ng ginhawa, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, ang aming buhay at muling pagkabuhay, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, ang aming kapayapaan at unawaan, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, biktima para sa aming mga kasalanan **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, kaligtasan ng mga umaasa sa Iyo, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, pag-asa ng mga namayapa sa Iyo, **Maawa ka sa amin.**
Puso ni Hesus, galak ng lahat ng mga santo, **Maawa ka sa amin.**
Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, **Iligtas mo kami, O Panginoon.**

Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng mga kasalanan ng mundo, **Mapagbigay mo kaming pakinggan, O Panginoon.**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng mundo, **Maawa ka sa amin.**

Manalangin Tayo

Makapangyarihan at walang hanggang Panginoon, tignan ang Puso ng Iyong Anak at mga papuri at biyayang inihahandog Niya para sa mga makasalanan. Sa iyong kabutihan, patawarin mo ang mga humihingi ng awa sa Ngalan ng Iyong Anak na si Hesu Kristo, na nabubuhay at naghahari kasama Mo magpakailanman at walang hanggan. Amen.

BABASAHIN PARA SA BAWAT ARAW NG NOBENA:

Mayroong iba't ibang babasahin sa bawat araw ng Nobena. Hinihikayat ang pagbasa ng babasahin sa bawat araw ng nobena. Habang binabasa, nilayin at manalangin tungkol dito at hilingin kay Jesus ang kanyang tulong upang maunawaan mo kung gaano ka niya kamahal. Isipin ang ibinabalita ng babasahin tungkol sa pag-ibig ng Diyos para sa iyo. Isipin kung ano ang tugon na nais ng Diyos, sa iyong pang araw araw na buhay, sa Kanyang dakilang pag-ibig sa iyo. Taglayin ang mga kaisipang ito habang binabasa mo ang bawat sipi mula sa Bibliya. Matapos basahin ang bawat sipi, ipanalangin ang iyong espesyal na hangarin at pagkatapos ay manalangin ng isang Ama Namin, isang Aba Ginoong Maria at isang Luwalhati sa Ama.

PAGBASA SA UNANG ARAW

Mahal ba talaga tayo ng Diyos? Isang tao na nagbibigay sa atin ng kanyang ari-arian, siya ay mapagbigay, mapag-patawad at matulungin ay mabuti, ngunit ang taong nagmamahal ay inihahandog ang kanyang sarili. Ganito tayo kamahal ng Diyos.

Ephesians 1: 3-6

"Purihin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesu Kristo, na pinagpala tayo kay Kristo ng bawat espirituwal na pagpapala sa langit, na pumili sa atin para sa Kanya, bago itatag ang mundo, upang maging banal at walang bahid sa harap Niya. Sa ngalan ng pag-ibig, tayo ay inampon para sa Kanyang sarili sa pamamagitan ni Hesu Kristo, alinsunod sa kagustuhan ng Kanyang kalooban, para sa papuri ng kaluwalhatian ng kanyang biyaya na ipinaubaya Niya sa ating kanyang minamahal. "

PAGBASA SA IKALAWANG ARAW

Natitiyak ba natin na ang Puso ng Diyos ay nababahala para sa tao at ang tao ay mahalaga sa Diyos? Ito ang isinasaad sa buong Bibliya.

1 Juan 4: 7-12

"Mga minamahal, mahal natin ang sa isa't isa, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig; lahat ng nagmamahal ay ipinanganak ng Diyos at nakakakilala sa Diyos. Ang sinumang walang pag-ibig ay hindi kilala ang Diyos, dahil ang Diyos ay pag-ibig. Sa ganitong paraan, ang pag-ibig ng Diyos ay ipinahayag sa atin: Ipinadala ng Diyos ang kanyang bugtong na Anak sa mundo upang magkaroon tayo ng buhay sa pamamagitan niya. Sa pag-ibig na ito: hindi sa minahal natin ang Diyos, bagkus ay minahal Niya tayo at ipinadala and kanyang Anak upang maging kabayaran sa ating mga kasalanan. Minamahal, kung ganoon tayo kamahal ng Diyos, dapat din nating mahal ang isa't isa. Wala pang nakakita sa Diyos.

Gayunpaman, kung mamahalin natin ang isa't isa, mananatili sa atin ang Diyos, at ang kanyang pag-ibig ay magiging perpekto sa atin "

PAGBASA SA IKATLONG ARAW

May isang pangyayari na nagpapatunay sa pag-ibig ng Diyos ng higit sa lahat ng mga katanungan, at iyon ang Pagkakatawang-tao. Ang Anak ng Diyos ay naging tao. Nagmahal siya bilang isang tao, at sa kanyang pagmamahal sa mga tulad Niya, na narito sa mundo, minamahal Niya sila hanggang sa wakas.

1 Juan 1: 1-2, 6-7

"Ano ang nasa simula, kung ano ang aming narinig, kung ano ang aming nakita sa aming mga mata, kung ano ang aming tinignan at hinawakan sa aming mga kamay ay may kinalaman sa Salita ng buhay – dahil ang buhay ay ipinakita; nakita namin ito at pinatotohanan namin ito at ipinahayag sa iyo ang buhay na walang hanggan kasama ng Ama at ipinakita sa amin. Kung sasabihin natin, "Kami ay nakikiisa sa Kanya," habang patuloy na lumalakad sa kadiliman, tayo ay nagsisinungaling at hindi kumikilos sa katotohanan. Ngunit kung tayo ay lalakad sa liwanag tulad Niya na nasa liwanag, kung gayon, tayo ay mayroon pakikiisa sa bawat isa, at ang dugo ng kanyang Anak na si Hesus ay nag-aalis sa ating mga kasalanan. "

PAGBASA SA IKA-APAT NA ARAW

Inilalarawan ni Hesus ang Kanyang sarili bilang Mabuting Pastol. Ang Mabuting Pastol ay nananawagan sa bawat isa sa Kanyang mga tupa at alam nila ang Kanyang tinig. Sa paglalarawan ni San Lucas tungkol sa nawalang tupa, nakikita natin na hindi pinagagalitan ng pastol o pinapalo kapag ito ay natagpuan, ngunit siya ay nagagalak at kinakarga ito sa kanyang balikat at nanawagan sa lahat ng kanyang mga kaibigan upang magdiwang kasama niya.

Mateo 9: 10-13

"Habang siya ay nasa mesa sa kanyang bahay, maraming mga maniningil ng buwis at makasalanan ang dumating at nakiupo kay Hesus at sa kanyang mga alagad. Nakita ito ng mga Fariseo at sinabi sa kanyang mga alagad, "Bakit kumakain ang iyong guro kasama ng mga maniningil ng buwis at makasalanan?" Narinig niya ito at sinabi, "Ang mga mabuti ay hindi kailangan ng manggagamot, kundi ang mga may sakit. Puntahan at alamin ang kahulugan ng mga salitang ito, 'Gusto ko ng awa, hindi sakripisyo.' Hindi ako naparito upang tawagin ang matuwid kundi ang mga makasalanan. "

PAGBASA SA IKA-LIMANG ARAW

Sa Lumang Tipan ay inutusan ng Diyos ang tao: "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng buong puso at buong kaluluwa, at ng buong lakas." Inulit ni Hesus ang salitang ito at sa Huling Hapunan ay idinagdag niya: "Ito ang Aking utos, na mahal ninyo ang isa't isa na katulad ng pagmamahal ko sa inyo." Kay Hesus, ang Diyos ay nagmamahal bilang pusong tao. Ngayon nais ng Diyos na ang mga kalalakihan at kababaihan ay magmahal tulad ng Puso ni Hesus, tulad ng pag-ibig ni Hesus sa Ama at ang Kanyang mga kapatid. Upang tayo ay magmahal ng ganito, ibinuwis ni Hesus ang Kanyang buhay para sa atin at dapat

itong lumaganap sa magagandang gawain at sa mga sakramento upang tayo ay magbago at maging tunay na mga kapatid ni Hesus.

1 Juan 5: 1-5

"Ang bawat taong naniniwala na si Hesus ay Kristo na anak ng Diyos, at lahat nang nagmamahal sa ama ay nagmamahal din sa anak. Sa ganitong paraan ay alam nating mahal in ang mga anak ng Diyos kapag minahal natin ang Diyos at sumunod sa Kanyang mga kautusan. Dahil ito ang pagmamahal ng Diyos na sundin natin ang Kanyang mga kautusan. At ang Kanyang mga kautusan ay hindi mabigat. Dahil, kung sino man ang isinilang sa Diyos ay malulupig ang mundo; at ito ang pagwawagi na makakalupig sa mundo, ang ating pananampalataya. Sino ang makakalupig sa mundo kundi siyang may panananlig kay Hesus bilang Anak ng Diyos?"

PAGBASA SA IKA-ANIM NA ARAW

Sa Binyag namatay tayo at ipinanganak muli. Namatay tayo sa dating makasalanang buhay at ipinanganak muli sa isang bagong buhay. Ang debosyon sa Puso ni Hesus ay malaking tulong sa atin upang maunawaan Siya, tularan Siya, at higit Siyang mahal in sa ating pang-araw-araw na buhay. Ang ating mapagmahal na pakikiisa sa Kanya ay dapat lumaganap sa ating buhay, pinalusog sa pamamagitan ng mga sakramento, sa pamamagitan ng panalanging personal, at ng mabubuting gawa.

Roma 6: 3,8 12-14

"Hindi mo ba alam na lahat tayong bininyagan kay Kristo Hesus ay nabinyagan sa Kanyang kamatayan? Kung tayo ay namatay kasama ni Kristo tayo ay naniniwalang tayo ay mabubuhay din kasama Niya. Huwag, kung gayon, hayaan ang kasalanan na mamuno sa iyong mortal na katawan, upang masunod mo ang mga hilig nito. Huwag ihandog ang mga bahagi ng iyong katawan sa kasalanan bilang instrumento ng kasamaan, ngunit ihandog ang iyong sarili sa Diyos bilang mga katauhan na ibinalik mula sa kamatayan sa pagkabuhay, at ang inyong mga katawan sa Diyos bilang mga instrumento ng katarungan. Wala ng kapangyarihan ang kasalanan sa iyo; ikaw ngayon ay nasa ilalim ng biyaya hindi sa ilalim ng batas."

PAGBASA SA IKA-PITONG ARAW

Sa pagtatalaga sa Puso ni Hesus ninanais nating palalimin ang ating personal na relasyon kay Hesus na walang hangganang Anak ng Diyos, at ang Anak ni Maria sa loob ng panahon. Ang pagsasalo ng mga nananalig sa buhay ng niluwalhating Kristo ay isang katotohanan. Ang nananalig na nabubuhay sa biyaya ng Diyos ay makikita ang kanyang sarili bilang sanga na nakadikit sa puno (ng ubas) na tumatanggap ng totoong buhay - dugo hangga't nananatili siya sa pag-ibig ni Kristo. Si Kristo ay nabubuhay sa akin at Ako sa kanya. Ang debosyon sa Puso ni Hesus ay tumutulong sa atin upang maunawaan ito.

Juan 15: 1-11 "Ako ang tunay na puno ng ubas at ang Aking Ama ang may ubasan. Ang Aking bawat sanga na walang bunga ay pinuputol, at bawat sanga na bumubunga ay Kanyang tinatabasan upang dumami pa ang bunga. Nalinis ka na ng Aking mga salita sa iyo. Mamuhay ka sa akin tulad ng ginagawa ko sa iyo. Ang sanga ay hindi makakapamunga nang hindi kabahagi ng puno, ikaw man ay hindi mabubuhay maliban kung ikaw ay nabubuhay sa akin. Ako ang puno at kayo ang mga sanga. Ang namumuhay sa Akin, at Ako sa kanya, ay magbubunga nang masagana, sapagkat kung wala ako, wala

kang magagawa. Ang taong hindi nabubuhay sa akin ay tulad ng tuyot, tinanggal na sanga, pinulot upang ihagis sa apoy at sunugin. Kung nabubuhay ka sa Akin, at ang Aking mga salita ay mananatiling bahagi mo, humiling ka kahit anong gusto mo, at mangyayari ito para sa iyo. Sa pamamagitan nito, ang Aking Ama ay naluluwalhatian, na ikaw ay magkaroon ng maraming bunga, at mapatunayan na kayo ay Aking mga alagad. Tulad ng pagmamahal sa akin ng Ama, ganoon ko kayo minahal. Mabubuhay kayo sa Aking pag-ibig kung inyong susundin ang Aking mga kautusan, tulad ng aking pagsunod sa mga kautusan ng Aking Ama at namumuhay sa Kanyang pag-ibig. Ang mga bagay na ito ay binanggit ko sa inyo, upang ang aking galak ay sumainyo, at upang ang iyong kagalakan ay mapuno. "

PAGBASA SA IKA-WALONG ARAW

Ang debosyon sa Puso ni Hesus ay tumutulong sa atin upang ating maunawaan ang pagmamahal ni Kristo sa misteryo ng Eukaristiya at ang kahulugan ng ating paghahandog ng ating sarili sa Kanya habang Siya ay nabubuhay sa Eukaristiya. Nang Siya ay nagpakita kay Santa Margaret Maria, sinabi mismo ng Panginoon sa kanya, ang kanyang paghahangad na Siya ay bisitahin, mahal in at unawain sa dakilang sakramento ng Kanyang pakikihalubilo sa atin. Si Hesus ay tunay na nabubuhay sa Katawan, kaluluwa at bilang Diyos sa Eukaristiya.

Lucas 22: 14-20:

"At nang dumating ang oras, siya ay naupo sa hapag, kasama ang mga apostol Niya. At sinabi niya sa kanila, 'masidhi kong inasam na kainin ang pagkain ng Paskuwa kasama kayo bago ako magdusa; dahil sinasabi ko sa inyo, hindi ko kakainin ito hanggang sa maganap ito sa Kaharian ng Diyos.' At kumuha Siya ng isang tasa, at nang matapos Siyang Magpasalamat, sinabi Niya, 'Kunin ninyo ito at paghatihatian ninyo; dahil sinasabi ko na mula ngayon, hindi Ako iinom ng bunga ng puno ng ubas hanggang sa dumating ang Kaharian ng Diyos, 'At kumuha Siya ng tinapay, at matapos magpasalamat, pinilas Niya ito at ibinigay sa kanila at sinabi, 'Ito ang Aking Katawan na ibinigay para sa inyo. Gawin ito bilang pag-alaala sa Akin.' Ginawa niya rin ito sa tasa pagkatapos kumain, habang sinasabi Niya, 'Ang tasang ito ay ang bagong tipan sa Aking Dugo, na ibubuhos para sa inyo. '"

PAGBASA SA IKA-SIYAM NA ARAW

Sa makataong pag-ibig ay palaging may panganib na maaaring ipagkanulo o linlangin tayo ng ating mahal. Kay Kristo, sa kabilang dako, ay hindi kailanman tayo bibiguin. Ang ating malalim na kamalayan, sa ating pagbabagu-bago at ang kahinaan ay maaaring makapagpahina sa atin upang ihandog nating ang ating sarili ng buo at tapat kay Kristo. Gayunpaman, ang kaalaman na ang Panginoon ay "banayad at mababa ang Puso" at ang palagiang pagdaranas sa Kanyang kabutihan at kapatawaran ay nagbibigay-daan sa atin upang mabuhay sa pag-asa at pagpapakumbaba.

Filipos 1: 21-24; 27: 29- 30

"Para sa aking mabuhay ay Kristo at ang mamatay ay kapakinabangan. Kung ito ay ang buhay sa laman ito ay nangangahulugan ng maraming bungang gawain para sa akin. Hindi ko alam kung alin ang pipiliin, parehong kapwa nakakaakit: Nais kong makalaya sa buhay na ito at nang makasama ni Kristo, sapagkat mas mabuti ito. Ngunit higit na mahalagang manatili akong buhay para sa iyong kapakanan. Hayaan lamang na ang iyong pamumuhay ay maging karapat-dapat sa Ebanghelyo ni Kristo, nang sa gayon, kahit dumating ako at makita ka o hindi, aking maririnig na ikaw ay matatag sa isang espiritu, sa isang isip at

nagsisikap para sa pananamplata sa Ebanghelyo. Ito ang iyong katangitanging karapatan na kunin ang bahagi ni Kristo, hindi lamang sa paniniwala sa Kanya, kung hindi magdusa rin para sa kanya.”

Ginamit nang may pahintulot mula sa mga Missionary of Charity

Seremonya ng Pagluklok

Pambungad na Awit: Matamis na Puso ni Hesus

Matamis na Puso ni Jesus, Matamis na Puso ni Jesus, puno ng pag-ibig at awa,
Ngayon ay darating kami, upang hilingin ang Iyong pagpapala;
O hawakan ang aming mga puso, malamig at walang utang na loob,
At Panginoon, gawin silang Iyong alagad magpakailanman.

**Matamis na Puso ni Jesus, aming hinihiling.
O igawad mong aming mahal in ka, ng higit sa higit pa.**

Matamis na Puso ni Jesus, gawin mong makilala at mahal in ka naming
Buksan mo para sa amin ang kaban ng Iyong biyaya
Nang ang aming mga puso, na makalupa ay maitaas
Magnais na tumitig sa Iyong mukha.

**Matamis na Puso ni Jesus, aming hinihiling.
O igawad mong aming mahal in ka, ng higit sa higit pa.**

Pagpapalang panalangin sa Imahen ng padre ng pamilya, pari/diakono, o indibiduwal:

Makapangyarihan at walang hanggang Diyos na hindi nagbabawal sa amin na magpinta ng mga larawan ng Iyong mga santo upang ang bawat oras na nakikita natin ang mga ito ay tularan ang kanilang buhay at kanilang kabanalan; ipinagdarasal namin na pagpalain ang larawang ito bilang paggalang sa Iyong Anak na si Hesu Kristo, ang Sagradong Puso ng aming Panginoon, at gawing banal. Pahintulutan ang lahat na dumulog sa harap ng larawang ito upang parangalan at sambahin ang Pinaka Sagradong Puso ng Iyong Anak ay makakuha sa Kanyang mga grasya at pamamagitan ng biyaya sa buhay na ito at walang hanggan luwalhati sa susunod (na buhay). Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesu Kristo, Aming Panginoon, iyong Anak, na nabubuhay at naghahari kasama ng Banal na Espiritu, iisang Diyos magpakailanman. Amen.

(Tulad ng pagpapakita mo sa isang kaibigan sa paligid ng iyong bahay sa unang pagkakataon na sila ay bumisita, ang pinuno ng sambahayan ay dadalhin ang larawan ng Sagradong Puso at mangunguna sa isang prusisyon sa buong bahay, huminto sa bawat silid. Hinihikayat na sabihin kung ano ang naaalala sa pagdarasal sa bawat silid na binisita. Halimbawa: "Panginoon, mangyaring pagpalain ang mga bata na natutulog sa silid na ito ... atbp. Sa sala ay maaaring sabihin; "Panginoon, mangyaring basbasan ang mga dumalaw o

nagtitipon dito ... atbp. Sa kusina ay maaaring sabihin: "Salamat Lord sa pagkain na inihahanda dito ... atbp. Sa dulo ng prusisyon, ibalik ang larawan sa dingding, at pagkatapos ay dasalin ng buong pamilya ang Kredo ng Apostol: Bilang isang dasal ng pananampalataya at pagsisisi)

Ang pinuno ng sambahayan, pari o diakono, o indibiduwal ay ilalagay na ngayon ang imahen ng Sagradong Puso sa piniling luklukan.

Lahat:

Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa. Sumasampalataya naman ako kay Hesu Kristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang tao Siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa impiyerno. Sa ikatlong araw nabuhay na mang-uli. Umakyat sa langit, naluluklok sa kanang kamay ng Diyos Amang. Siya ay babalik muli upang maghukom sa mga taong nabubuhay at nangamatay. Sumasampalataya ako sa Diyos Espiritu Santo, sa Banal na Simbahang Katolika, sa Komunyong ng mga banal; sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa Pagkabuhay na Mag-uli ng katawan at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Pagbasa ng Ebanghelyo: (Pinuno ng sambahayan, Pari o Diakono) iminungkahing pagbasa sa banal na kasulatan: Lucas 19: 1-10 o kaya Lucas 10: 38-42

(Lahat ay uupo ngayon habang ang pinuno ng sambahayan, pari o diakono ay magsasalita ng ilang mga salita sa pamilya, na nagpapaalala sa kanila kung ano ang hinihiling ng Sagradong Puso sa mga kapamilya at iyon ang inilaan sa Kanya, naalala ang Kanyang kamangha-manghang mga pangako kay San Margaret Mary at hinihimok ang pamilya na mabuhay ang Pagluklok sa pamamagitan ng paglalaan na kanilang gagawin o pagbabago.)

Lahat ay lumuhod at magdasal nang sama-sama:

O Sagradong Puso ni Hesus, na nagpakilala kay San Margaret Mary ng iyong dakilang hangaring maghari sa mga pamilyang Kristiyano, kami ay natipon dito ngayon upang ipahayag ang iyong buong pamamahal sa aming pamilya, mula ngayon ipinangangako namin na mamuhay ng tulad ni Kristo. Kami ay magsisikap na pamalagiin sa aming tahanan ang lahat ng mga birtud na nagdadala ng kapayapaan na ipinangako mo at hindi makakompromiso sa espiritu ng sekularismo na Kayo ay mariing tinuligsa.

Mamuno ka sa aming isipan sa pamamagitan ng aming malalim at buhay na pananampalataya. Ikaw ay maging Hari ng aming mga puso sa pamamagitan ng aming mapagbigay na pag-ibig para sa Iyo; at lilingin namin ang pag-ibig na ito sa pamamagitan ng madalas na pagtanggap sa Iyo sa Banal na Komunyong.

Sagradong Puso ni Hesus, mamuno ka sa aming mga pagtitipon sa pamilya; pagpalain ang lahat ng aming mga gawain sa pamilya, maging espirituwal o pansamantala. Pabanalin ang aming kagalakan, at aliwin sa aming mga kalungkutan. Kung sinumang miyembro ng aming pamilya sa kasawiang palad ay labis kang masaktan, mangyaring paalalahanan siya, O Sagradong Puso ni Hesus, ng Iyong walang hanggan pag-ibig at awa para sa nagsisising makasalanan.

At pagdating ng oras ng paghihiwalay, kung ang kamatayan ay magdadala ng kalungkutan sa aming pamilya, kung kami ang mawawala o mananatili, mapagpakumbabang tinatanggap namin ang Iyong Banal na kalooban. Kasabay nito ay aaluin at aaliwin ang aming sarili sa pag-asa, na darating ang panahon na ang aming buong pamilya ay magkaka-samasama ng magiliw kasama mo sa langit magpakailanman. Doon tayo ay aawit ng papuri para sa walang hanggang awa at pag-ibig ng Iyong Sagradong Puso.

Hinihiling namin sa Imakuladong Puso ni Maria at sa aming maluwalhating tagapagtanggol, si San Jose, na ialay sa Iyo ang pagtatalaga ng aming pamilya. Ang alaala nawa ng pagpapatalaga ay palagi mangibabaw sa amin. Amen.

Pinuno ng sambahayan, Pari o Deakono:

Dasalin ang isang Ama Namin, isang Aba Ginoong Maria, at isang Luwalhati sa Ama para sa hangarin ng Banal na Ama at para sa mga hindi nakadalang miyembro ng pamilya, sa mga nabubuhay at mga namatay na.

Panalangin ng Matapat

(Ang bawat petisyon ay maaaring ipagdasal ng ibang miyembro ng pamilya, ayon sa pagpipilian).

Na ang mapagmahal na Puso ni Hesus ay maging Hari, Kapatid at Kaibigan ng inilaang pamilyang ito at ang lahat ng naririto, manalangin tayo sa Panginoon.

Lahat: Panginoon dinggin ang aming panalangin!

Na patunayan ng mga miyembro ng pamilyang ito ang kanilang pag-ibig sa pagiging masunurin sa Diyos at sa Kanyang mga kinatawan: sa mga magulang, pari, sa Obispo at ating Banal na Ama ang Papa, manalangin tayo sa Panginoon.

Lahat: Panginoon dinggin ang aming panalangin!

Na ang pamilyang ito ay mamuhay sa tunay na kawanggawa ng Kristiyano at sa lahat ng kapitbahay, kamag-anak, kaibigan at kaaway, anuman ang lahi, o kulay, manalangin tayo sa Panginoon.

Lahat: Panginoon dinggin ang aming panalangin!

Na ang inilaang pamilyang ito ay maging katangi-tangi sa parokya sa pamamagitan ng katapatan sa panalangin ng pamilya, sa pamamagitan ng pagmamahal sa Eukaristiya, at sa pamamagitan ng mga gawaing apostol, manalangin tayo sa Panginoon.

Lahat: Panginoon dinggin ang aming panalangin!

Na ang inilaang pamilyang ito, sa pag-ibig nito sa kalinisang-puri, kahinhinan, at kadalisayan, ay nagbibigay-aliw sa mga Puso ni Hesus at Maria at gumawa ng paraan upang makumpuni ang pagkasira ng moralidad, lalo na sa pamilyang Kristiyano, manalangin tayo sa Panginoon.

Lahat: Panginoon dinggin ang aming panalangin!

Pangwakas na Awit: Kaluluwa ng aking Tagapagligtas

Kaluluwa ng aking Tagapagligtas, pabanalín ang aking dibdib;
Katawan ni Kristo, maging panauhin Kitang tagapagligtas;
Dugo ng aking Tagapagligtas, hugasan mo ako sa Iyong Lakas;
Hugasan mo ako ng tubig na dumadaloy sa Iyong tagiliran.

Ang iyong pasyon, sana'y maging Lakas at proteksyon;
O Mapalad na Hesus, pakinggan at sagutin mo ako.
Sa ilalim ng Iyong mga sugat, Panginoon, itago at kanlungan mo ako;
Upang kailanman ay hinding hindi mawalay sa Iyo

Bantayan at ipagtanggol mo ako sa pinsala mula sa kaaway;
Sa mga kakila-kilabot na sandali ng kamatayan ay angkinin Mo ako
Tawagin at ayain mo akong sumama sa Iyo sa kaitaasan
Upang papurihan Kita kasama ng Iyong mga banal na santo.

O kaya naman: Sa Puso ni Jesus lahat Nag-aalab

Sa Puso ni Jesus lahat nag-aalab
Sa Puso ni Jesus lahat nag-aalab
Nang masidhing pagmamahal sa katauhan,
Ang aking puso'y masidhing nagnanais
Na iangat ang kaligayahan.

Koro:
Habang ang panahon ay dumadaloy,
Basbasan sa pamamagitan ng malakas na awit
Ang Sagradong Puso ni Hesus
Ng lahat ng puso at dila,
Ang Sagradong Puso ni Jesus
Ng lahat ng puso at dila.

O Pusong nag-aalab para sa akin,
Sa pag-ibig na di mabigkas ng tao,
Ang aking hangaring di pa nabanggit,
Sa aki'y ibinigay ng Diyos dahil sa Iyo.

Koro:
Habang ang panahon ay dumadaloy,
Basbasan sa pamamagitan ng malakas na awit
Ang Sagradong Puso ni Hesus
Ng lahat ng puso at dila,
Ang Sagradong Puso ni Jesus
Ng lahat ng puso at dila.

ANG MGA PANGAKO NG SAGRADONG PUSO

1. Bibigyan ko sila ng mga biyayang kailangan sa kanilang estado sa buhay.
2. Magtatatag ako ng kapayapaan sa kanilang mga tahanan.

3. Pagagaanin ko ang kanilang mga pagdurusa.
4. Ako ang kanilang magiging kanlungan ng kaligtasan sa kanilang buhay at, higit sa lahat, sa kanilang kamatayan.
5. Magbibigay ako ng maraming biyaya sa lahat ng kanilang Gawain.
6. Sa mga makasalalan ay makakatagpo sa Aking Puso ng ugat at dagat ng walang hanggang awa.
7. Ang mga maligamgam na kaluluwa ay magiging masigasig.
8. Ang mga kaluluwang masigasig ay mabilis na aangat sa kasakdalan.
9. Pagpapalain Ko ang bawat lugar kung saan ang larawan ng Aking Sagradong Puso ay nakalantad at pinaparangalan.
10. Bibigyan ko ang mga pari ng kakayahan upang dampian ang mga tumigas na puso.
11. Ang mga pangalan ng mga magsusulong ng debosyong ito ay masusulat sa Aking Puso.
12. Aking pangako mula sa labis na maawain Kong Puso, na ang Aking pinaka-makapangyarihang Pag-ibig ay ibibigay sa lahat ng tatanggap ng Komunyong sa Unang Biyernes ng magkakasunod na siyam (9) na buwan ang biyaya ng huling pagpapakasakit; hindi sila mamamatay sa Aking kahihyan, o na hindi makakatanggap ng mga sakramento. Ang Aking Banal na Puso ang kanilang magiging ligtas na kanlungan sa mga huling sandaling ito.

ATING PANANAGUTAN SA BUHAY SA PAGLUKLOK SA SAGRADONG PUSO NI HESUS

1. Imbitahan ang Aming Panginoon sa ilalim ng aspeto ng Kanyang Sagradong Puso sa panalangin.
2. Gumawa ng isang pang-araw-araw na alay sa umaga ng lahat ng iyong mga panalangin, gawa, kagalakan at pagdurusa ng araw na ito sa Puso ni Kristo. Ulitin sa loob ng isang araw at samahan ng maikling panalangin tulad ng "Lahat ng ito ay para sa iyo pinaka Sagradong Puso ni Hesus".
3. Ang pang-araw-araw na alay ay dapat na 'kaisa sa Banal na Sakripisyo ng Misa Sa buong mundo.' Dumalo sa pang-araw-araw na Misa, kung maaari, tanggapin ang Eukaristiya, bumisita sa Sakramentong Banal, Adorasyon sa Unang Huwebes.
4. Gawin ang pormal na paglalaan sa Puso ni Jesus kung saan sumuko ka at muling italaga ang iyong sarili sa Puso ng Banal na Hari.
5. Ulitin ang Pagluklok sa Sagradong Puso bawat taon para sa pamilya.
6. Linangin ang diwa ng paghingi ng tawad sa Puso ni Kristo sa pamamagitan ng panalangin at mabuting gawa. Ang diwa ng pagsisisi ay nagpapakita ng pag-aalala sa taksil na pag-ibig at naghahangad na punan ang ating mga kasalanan and ang mga kasalanan ng iba.
7. Iwasan ang anumang nakakasama sa loob ng Sagradong Puso, o salungat sa pananampalataya at asal, dahil mahal ko si Hesus at binigyan Niya tayo ng labis.

Ilang mga saloobin para sa karagdagang pagmuni-muni:

"Papuri sa taos-pusong pag-ibig ni Hesus, na naantig sa pakikiramay sa aking pagdurusa at alay sa akin ang lahat upang maabot ang Kanyang pag-ibig! O Hesus, Ikaw ay isang

kayamanang lingid sa akin ... ngunit ngayo'y nakilala ko bilang ganap na sa akin, LALONG LALO NA ANG IYONG PUSO. Oo, akin ito, sapagkat ibinigay mo lito sa akin ng maraming ulit. Sino kaya ang makapagsasabi na ang iyong puso at akin ay laging magkakasama? Ang iyo ay puno ng liwanag at ang sa akin ay puno ng kadiliman ... Napaka-mapagbigay mo, Hesus...O, Panginoon, tanging mga anghel ang saksi kung paano umiinog ang iyong pagmamahal mula sa iyong kaluluwa. O, Hesus, aking Paraiso dito sa mundo, kailan, oh kailan, Oh Hesus ... kailangan ba akong umalis sa makapal na anino patungo sa iyong liwanag, Hesus?"(Santa Gemma Galgani)

"Ang Tagapagligtas ay iba-iba ang pakikitungo sa bawat indibidwal ayon sa kanilang pangangailangan. Para sa mga nangangailangan ng kagalakan, Siya ang puno ng ubas; para sa mga kailangang pumasok, Siya ang pintuan; para sa mga may dasal na ihahandog, Siya ang tagapamagitan, ang Mataas na Pari; at para sa mga makasalanan Siya ang Kordero upang kanilang tularan. Siya ang lahat para sa sangkatauhan, habang nananatiling tapat sa Kanyang katauhan. Nang hindi nawawala ang dangal ng pagiging anak, na tunay na hindi nababago, bilang manggagamot at mapagmahal na guro, iniaakma Niya ang Kanyang Sarili sa ating kahinaan. (San Cyril ng Jerusalem)

"Kailangang makita ng bawat isa si Hesus sa bawat tao at gampanan ito, mahal in ang katauhan tulad ng pag-ibig sa kanila ng Diyos. Ang pinakamahasag na paraan upang mahal in tayo ay Ang magpakita tayo ng pagmamahal; kapag tayo'y minahal ito ay nagsisilbing halimbawa, ag mga salita ay dinidinig, ang mga payo ay sinusunod, mga pahayag ay pinaniniwalaan, at ang mga paniniwala ay tinatanggap. Imposibleng malugod ang Diyos kung kulang tayo sa pag-ibig kahit sa isang tao. Habang lumalago ang pag-ibig sa Diyos, lumalago din ang pag-ibig sa kapwa tao...Ang isang tao ay kailangan maging lahat para sa katauhan upang ilapit sila kay Hesus, may mapagbigay at maka-amang damdamin para sa lahat, binibigay ang bawat maaring pagsisilbi, pumapasok sa magiliw na pakikitungo sa kanila, bilang mapagmahal na kapatid sa lahat ng tao, upang dalhin unti unti ang bawat kaluluwa kay Hesus, ginagaya ang kahinahunan ni Hesus." (Charles de Foucauld)

"Malinaw na ang mga paghahayag kay San Margaret Mary ay nagdala ng walang bago sa doktrina ng Katoliko. Ang kanilang kahalagahan ay nakaratay dito kay Kristo na ating Panginoon, naglalantad ng Kanyang Sagradong Puso, nais na sa pambihirang paraan ay anyayahan ang pag-iisip ng mga tao sa pagninilay-nilay, at debosyon sa misteryo ng maawaing pag-ibig ng Diyos para sa sangkatauhan."(Pope Pius XII)

Ginamit nang may pahintulot mula sa mga Missionary of Charity

PANG ARAW ARAW NA PANALANGIN SA SAGRADONG PUSO

Kung wala kang paboritong panalangin sa araw-araw para sa Sagradong Puso ni Hesus, makakapili ka ng alinman sa mga sumusunod:

Sagradong Puso ni Hesus, nauunawaan ko ang panawagan ng iyong puso, at sabik akong tumugon dito. Inaalok ko ang aking sarili sa iyo, upang ibigin ka. Nais kong mabuhay nang nakasandig ng buong buo sa iyo, upang gawin ang lahat para sa iyo at kasama ka.

Tanggapin mo ang aking handog, basbasan mo at biyayaan mo ito ng iyong grasya upang ito ay maging mapagbigay at matiyaga. Amen.

Maawaing Hesus, iniaalay ko ang aking sarili ngayon at magpakailanman sa Iyong Pinaka Sagradong Puso. Pinaka Sagradong Puso ni Hesus, nagmamaka-awa ako, na sana'y mahal in kita ng higit pa. Pinaka Sagradong Puso ni Hesus, nagtitiwala ako sa Iyo. Pinaka Sagradong Puso ni Hesus maawa ka sa amin! Sagradong Puso ni Hesus naniniwala ako sa pag-ibig mo sa akin. Hesus, maamo at mapagkumbaba, gawin mo ang puso ko upang maging tulad ng iyong puso.

Harinawang ang Sagradong Puso ni Hesus ay sambahin, luwalhatiin, parangalan, purihin at mahal in sa buong mundo ngayon at magpakailanman. Amen.
Sagradong Puso ni Hesus, maawa ka sa amin.
Imakuladang Puso ni Maria, ipanalangin mo kami!

Aking mapagmahal na Jesus, mula sa nagpapasalamat na pag-ibig ko sa Iyo, at upang makumpuni ang aking pagsasalawahan sa iyong biyaya, ibinibigay ko sa iyo and aking puso at itinatalaga ko nang buo ang aking sarili sa Iyo. Sa tulong Mo, nagpasiya akong hindi na magkasala pa. Amen.

Pinaka Sagradong Puso ni Hesus, buong-buo kong iniaalay ang aking sarili sa Iyo bilang Hari ng aking puso at tahanan. Hinihiling ko ang iyong biyaya upang maglingkod sa iyo nang tapat sa pagpapalawak ng Iyong paghahari dito sa mundo. Hinihiling ko ang pagpapala upang maging matapang na matiyagang apostol mo at ipagadya mo sa lahat ng masama. Imakuladang Puso ni Maria, ipagdasal mo ako. Amen.



Kaming mga nakalistang kasapi ng pamilya ng

**Ay Mataimtim na Iniluklok ang Sagradong Puso ni Hesus
Bilang**

HARI NG **A**MING **P**AMILYA

*At puno ng pagmamahal naming Tinatalaga ang mga Kasapi, mga buhay at maging ang
mga yumaos, sa Kanya bilang mga kasapi ng*

PINAKASAGRADONG PUSO

Sa ika-____ araw na ito ng _____, 20____. At bilang pagpapatunay,
inilalapat namin ang aming mga lagda.

Lagda ng pari o ng kanyang kinatawan

ANG KAPISTAHAN NG SAGRADONG PUSO ay nararapat na ipagdiwang ng Buong Taimtim sa Tahanan at sa Simbahan

Galangin si Hesus araw araw sa matahimik na pagsamba sa harap ng Imahen Niya, sa pagpapasalamat sa pamamagitan ng dasal, paghiling, o kaya ay sa pagbanggit ng “Hesus, nagtitiwala ako sa iyo.”

Mga mungkahi para sa paggalang sa Pagkaluklok ng Sagradong Puso: palagiang pagtanggap ng Komunyong, Pagsapi sa palagiang pagsamba sa banal na Ostiya, araw araw na pagbasa ng Banal na Bibliya, pangungumpisal sa bawat buwan, pagdasal ng rosaryo, isasagawa bilang pag-aalay para sa mga Sagradong Puso ni Hesus. At panghuli, Sambahayan sa Kapistahan ng

at ang pag-aayuno. Ang lahat ng ito ay kasalanang nagawa laban sa Pinaka isagawang muli ang Pagluklok ng Sagradong Puso ni Hesus.





Nosotros, miembros de la familia

Solemnemente Entronizamos El Sagrado Corazón de Jesús

REY DE NUESTRA FAMILIA

y afectuosamente consagramos a todos los miembros, vivos y fallecidos a Su

SACRATISIMO CORAZON

El día _____ de _____ de 20____

Firma del Sacerdote o representante

***LA FIESTA DEL SAGRADO CORAZON
debe celebrarse solemnemente en el hogar y en la Iglesia***

Veneremos diariamente a Jesús dedicando un momento de nuestro día frente a su imagen ya sea en silencio, con oraciones de acción de gracias o simplemente repitiendo "Jesús, en Ti confío."

Algunas sugerencias para vivir la entronización son: recibir la Santa Eucaristía

tantas veces como les sea posible, pasar tiempo con Jesús en Adoración Eucarística,

leer la Biblia diariamente, confesarse _____ mensualmente, rezar el Rosario y ayunar.

Todo como actos de Reparación por las ofensas _____ causadas contra Su Sacratísimo Corazón.
Finalmente, pueden renovar su entronización _____ el Día del Sagrado Corazón de Jesús.





*Nosotros,
miembros de la familia*

Solemnemente Entronizamos El Sagrado Corazón de Jesús
como

Rey de Nuestra Familia

y afectuosamente consagramos a todos los miembros, vivos y fallecidos a Su

SACRATISIMO CORAZON

El día ____ de _____ de 20____

Firma del Sacerdote o representante

LA FIESTA DEL SAGRADO CORAZON

debe celebrarse solemnemente en el hogar y en la Iglesia

Veneremos diariamente a Jesús dedicando un momento de nuestro día frente a su imagen ya sea en silencio, con oraciones de acción de gracias o simplemente repitiendo "Jesús, en Ti confío."

Algunas sugerencias para vivir la entronización son: recibir la Santa Eucaristía tantas veces como les sea posible, pasar tiempo con Jesús en Adoración Eucarística, leer la Biblia diariamente, confesarse mensualmente, rezar el Rosario y ayunar.

Todo como actos de Reparación por las ofensas
Finalmente, pueden renovar su entronización

causadas contra Su Sacratísimo Corazón.
el Día del Sagrado Corazón de Jesús.





*Nosotros,
miembros de la familia*

Solemnemente Entronizamos El Sagrado Corazón de Jesús

como

REY DE NUESTRA FAMILIA

y afectuosamente consagramos a todos los miembros, vivos y fallecidos a Su

SACRATISIMO CORAZON

El día ____ de _____ de 20 ____

Firma del Sacerdote o representante

LA FIESTA DEL SAGRADO CORAZON

debe celebrarse solemnemente en el hogar y en la Iglesia

Veneremos diariamente a Jesús dedicando un momento de nuestro día frente a su imagen ya sea en silencio, con oraciones de acción de gracias o simplemente repitiendo "Jesús, en Ti confío."

Algunas sugerencias para vivir la entronización son: recibir la Santa Eucaristía tantas veces como les sea posible, pasar tiempo con Jesús en Adoración Eucarística, leer la Biblia diariamente, confesarse mensualmente, rezar el Rosario y ayunar.

Todo como actos de Reparación por las ofensas causadas contra Su Sacratísimo Corazón.

Finalmente, pueden renovar su entronización el Día del Sagrado Corazón de Jesús.





Nosotros,
miembros de la familia

Solemnemente Entronizamos El Sagrado Corazón de Jesús
como

Rey de Nuestra Familia

y afectuosamente consagramos a todos los miembros, vivos y fallecidos a Su

SACRATISIMO CORAZON

El día ____ de ____ de 20 ____

Firma del Sacerdote o representante

**LA FIESTA DEL SAGRADO CORAZON
debe celebrarse solemnemente en el hogar y en la Iglesia**

Veneremos diariamente a Jesús dedicando un momento de nuestro día frente a su imagen ya sea en silencio, con oraciones de acción de gracias o simplemente repitiendo "Jesús, en Ti confío."
Algunas sugerencias para vivir la entronización son: recibir la Santa Eucaristía tantas veces como les sea posible, pasar tiempo con Jesús en Adoración Eucarística, leer la Biblia diariamente, confesarse mensualmente, rezar el Rosario y ayunar. Todo como actos de Reparación por las ofensas causadas contra Su Sacratísimo Corazón. Finalmente, pueden renovar su entronización el Día del Sagrado Corazón de Jesús.





*Naming
mga nakalisting kasapi
ng pamilya ng*

**Ay Mataimtim na Iniluklok ang Sagradong Puso ni Hesus
Bilang**

Sari ng Aming Pamilya

PINAKASAGRADONG PUSO

Sikat - araw na ito ng _____, 20_____. At bilang pagpapatunay, itilapat

Lagda ng pari o ng kanyang kinatawan

**ANG KAPISTAHAN NG SAGRADONG PUSO
debe celebrarse solemnemente en el hogar y en la Iglesia**

ay nararapat na ipagdiwang ng Buong Taimtim sa Tahanan at sa Simbahan

Galangin si Hesus araw araw sa matahimik na pagsamba sa harap ng Imahen Niya, sa pagpapasalamat sa pamamagitan ng dasal, paghiling, o kaya ay sa pagbanggit ng “Hesus, nagtitiwala ako sa iyo.”

Mga mungkahi para sa paggalang sa Pagkaluklok ng Sagradong Puso: palagiang pagtanggap ng Komunyon, Pagsapi sa palagiang pagsamba sa banal na Ostiya, araw araw na pagbasa ng Banal na Bibliya, pangungumpisal sa bawat buwan, pagdasal ng rosaryo, at ang pag-ayun. Ang lakat ng ito ay isasagawa bilang pag-aalay para sa mga kasalanang nagawa laban sa Pinaka Sagradong Puso ni Hesus. At panghuli, isagawang muli ang Pagluklok ng Simbahan sa Kapistahan ng Sagradong Puso ni Hesus.

